
# Aklat



May aklat ako sa bag.
Binabasa ko ito sa klase.
Makulay ang mga larawan sa loob.
Tinuruan ako ng guro kung paano magbasa.
Masaya akong magbasa ng aklat.


FT FUN TEACHER FILES

# Lapis




May lapis ako sa mesa. Ginagamit ko ito sa pagsusulat. Matulis ang dulo ng lapis ko. Si Tatay ang nagtasa nito. Iniingatan ko ang aking lapis upang hindi mawala.



FT FUN TEACHER FILES

# Gunting




Ang gunting ay nasa kahon. Ginagamit ito sa paggupit ng papel. Maingat ako sa paggamit nito. Itinuro ni guro kung paano ito gamitin. Gumawa ako ng sining gamit ang gunting.



FT FUN TEACHER FILES

# Pisara




Ang pisara ay nasa harap ng klase. Doon nagsusulat ang guro ng leksyon.  Minsan ako rin ang tinatawag para magsulat. May yesa at pambura sa tabi ng pisara. Ginagamit namin ito sa pag-aaral.

Printable PDF Copy @ funteacherfiles.com

FT FUN TEACHER FILES

# Krayola



May krayola ako sa kahon. Iba-iba ang kulay ng krayola ko. Ginagamit ko ito sa pagguhit at pagkulay. Si Nanay ang bumili nito para sa akin. Masaya ako sa pagkukulay gamit ang krayola.


FT FUN TEACHER FILES

# Bag




May bag ako tuwing pumapasok sa paaralan. Nasa loob ang aking aklat, lapis, at papel.  Si Ate ang tumutulong sa pag-ayos nito. Malinis at maayos ang aking bag. Gustong-gusto ko ito.



FT FUN TEACHER FILES

# Papel




May papel ako sa mesa.
Malinis at puti ito.
Dito ako nagsusulat ng
aking pangalan.
Ginagamit ko rin ito sa
pagguhit. Hindi ko
sinasayang ang
papel ko.

Printable PDF Copy @ funteacherfiles.com

FT FUN TEACHER FILES

# Upuan



Ako ay may upuan sa klase. May kasama itong mesa.  Tahimik ako habang nakaupo. Dito ako nakikinig sa aking guro. Gusto ko ang aking upuan sa klase.



FT FUN TEACHER FILES